Impormasyon tungkol sa Espesyal na Ayuda para sa COVID-19

Maaring mabasa ang impormasyon sa ibaba sa Ingles (at iba pang wika) sa website ng Higashihiroshima City. Tingnan ang sumusunod na link:
URL https://www.city.higashihiroshima.lg.jp/soshiki/seisakukikaku/1/2/1/covid19/24205.html

Mga ibang wika

○ Layunin ng Espesyal na Ayuda para sa COVID-19

Sa harap ng pagkalat ng COVID-19 (novel coronavirus) at deklarasyon ng state of emergency, kailangang makiisa ang lahat at makipagtulungan upang malabanan ang hindi-nakikitang kaaway nang mapagtagumpayan ang pambansang krisis. Dahil kinikilala nang may paggalang at pasasalamat ang lahat ng mga indibidwal na nagsasagawa ng iba't ibang tungkulin sa paglaban sa krisis, kasama ang mga nasa sektor medikal, layunin ng programang ito na mabigyan ng agaran at nararapat na suporta para sa pantahanang pinansya sa pamamagitan ng maayos at akmang proseso ng aplikasyon,

○ Kahingian upang matanggap ang Espesyal na Ayuda para sa COVID-19

Mga indibidwal na may rehistradong address sa Higashihiroshima City hanggang Abril 27, 2020 (at mayroong certificate of residence).
Kasama ang mga residenteng hindi-Hapon, maliban sa mga temporaryong residente at mga ilegal na residenteng walang rehistradong address.

○ Sino ang maaring magsumite ng aplikasyon upang matanggap ang Espesyal na Ayuda para sa COVID-19

Kailangang ang pinuno ng tahanan (head of household) ang magsumite ng aplikasyon para sa Espesyal na Ayuda para sa COVID-19; ang pinuno ng tahanan (head of household) din ang tatanggap ng ayuda para sa lahat ng nasa tahanan.

○Halaga ng Espesyal na Ayuda para sa COVID-19

100,000 yen (10 lapad) bawat residente.

○ Paano mag-apply ※Upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19, hindi maaring personal na magpunta upang magsumite ng applikasyon sa City Office.

1 Aplikasyon sa pamamagitan ng koreo o pagliham

Punan ng hinihinging impormasyon ang kalakip na "Aplikasyon para sa Espesyal na Ayuda para sa COVID-19." Siguraduhing maisulat ang bank account at bangko na pagdedepositohan ng Espesyal na Ayuda, atbp., at ipadala gamit ang kalakip ding sobre o return envelope.

※ Siguraduhing ilakip sa form ang sumusunod na dokumento sa sobre o return envelope:

・Dokumentong magpapatunay sa identidad ng aplikante: kopya ng driving license, National Health Insurance certificate (card), Residence Card, atbp.

・Dokumentong magpapatunay na tama ang detalye ng bank account na pagdedepositohan ng ayuda: kopya ng bank book, cash card (ATM card), atbp.

2 Aplikasyong online (para lamang sa mayroong My Number card at computer o smartphone)

Mula sa application screen sa My Number portal, punan ang detalye tungkol sa pinuno ng tahanan (head of household), mga miyembro ng tahanan, at detalye ng bank account na pagdedepositohan ng ayuda. Gayundin, kailangang mag-upload ng dokumentong magpapatunay sa bank account.

○ **Panahon ng aplikasyon**

Kinakailangang maisagawa ang aplikasyon bago o hanggang Lunes, Agosto 31, 2020.
Tatanggapin ang mga aplikasyong naka-postmark sa nabanggit na petsa.

Para sa mga katangungan tungkol sa Espesyal na Ayuda para sa COVID-19:
Office for Measures Against Corona Virus, Higashihiroshima City Office ☎ 082-426-3127
Office hours: 8:30 n.u. hanggang 17:15 n.h. (sarado tuwing Sabado, Linggo, at mga pambansang holiday)

Siguraduhing mabasa pati ang impormasyon sa likod ng pahinang ito.

Mga kinakailangang pormalidad bago matanggap ang Espesyal na Ayuda para sa COVID-19

【Aplikasyon sa pamamagitan ng koreo o pagliham】※Para sa aplikasyong online, sundin ang instruksyong makikita sa My Number Portal.

① Pagkatanggap ng impormasyon tungkol sa Espesyal na Ayuda para sa COVID-19, basahin itong mabuti, pati na ang Application Form para sa Espesyal na Ayuda para sa COVID-19.

② Punan ang hinihinging impormasyon sa 'Application Form para sa Espesyal na Ayuda para sa COVID-19,' at siguraduhing nakalakip sa sobre o return envelope ang mga hinihinging dokumento.

Tingnang maigi ang impormasyong markado mula 1 hanggang 5 sa application form.

＜Mga Puntong Dapat Alalahanin＞

2 Kapag nilagyan ng check ang kahong '□不要',
hindi makatatanggap ang Espesyal na Ayuda para sa COVID 19!
Siguraduhing hindi magkamaling mamarkahan ang kahong ito.



3 ・Piliin ang laging ginagamit na bank account para pagdedepositohan ng ayuda. Kapag naglagay ng account na hindi nagamit nang matagal, maaring hindi na active ang account at posibleng hindi matanggap ang ayuda.

・Kung rehistrado ang account sa Higashihiroshima City, lagyan ng check ang tamang kahon, tulad ng halimbawa sa kanan.



・Maari lamang na piliing tanggapin ang ayuda nang cash kung wala kang bank account.
Ang Higashihiroshima City Office ang magpapasya kung kailan maibibigay ang ayuda.
Magpunta sa lokasyong babanggitin ng lungsod (sa City Office, atbp.) upang matanggap ang ayuda nang cash.

5 Mga kailangang dokumento na ilalakip sa aplikasyon:

(Dokumentong magpapatunay sa identidad ng aplikante): kopya ng driving license, National Health Insurance certificate (card), My Number Card (harap lamang ng card), Certificate of Residence (harap at likod ng card), pasaporte, atbp.

※Kung iba (proxy) ang mag-aapply, kinakailangang maglakip ng dokumentong magpapatunay ng identidad ng proxy at ng pinuno ng tahanan (head of household).

(Dokumentong magpapatunay ng detalye ng bank account na pagdedepositohan ng ayuda): kopya ng bank book (unang buong pahina ng nakabukas na bank book), cash card (ATM card), internet banking screen, atbp. (dokumentong nagpapakita ng pangalan ng bangko, pangalan ng branch, account number, at pangalan (katakana) ng may-ari ng account)

③ Ilagay ang Application Form para sa Espesyal na Ayuda para sa COVID-19 at mga kailangang dokumento (kopyang xerox lamang) sa nakalakip na envelope, at ihulog upang maipadala sa Higashihiroshima City.

④ Pagdedeposito ng Espesyal na Ayuda para sa COVID-19 (para din sa aplikasyong online)

Susuriin ng Higashihiroshima City ang impormasyong ipinadala mo, saka idedeposito ang ayuda sa bank account na pinili mo.

Hangga't maari, sisikaping maideposito kaagad ang ayuda, ngunit maaring tumagal ng hanggang isang buwan ang pagproseso ng aplikasyon mula sa pagtanggap nito.

Mag-ingat sa panloloko o *fraud* kaugnay ng COVID-19 at ng Espesyal na Ayuda para sa COVID-19!

Hindi kailanman hihingin ng sinumang empleyado ng lokal o pambansang pamahalaan, atbp., na magbayad ng handling fees, bumili ng electronic money, o gumamit ng ATM (sa bangko, convenience store, atbp.) kaugnay ng pagdedeposito ng Espesyal na Ayuda para sa COVID-19.

Gayundin, hindi kailanman hihingin ng sinumang empleyado ng lokal o pambansang pamahalaan ang iyong credit card number, PIN number ng iyong account, atbp.

Kung makatanggap ka ng kahina-hinalang tawag sa telepono kaugnay nito, magreport agad ang pulisya.